

## **KAILANGAN KO BANG SAGUTIN ANG MGA TANONG NG PULIS?**

Kung ikaw ay pinigilan at tinanong ng pulis, o kakausapin ka nila sa isang protesta, may karapatan kang **HUWAG** tumugon, maliban kung ikaw ay nagsasagawa ng "kontra-sosyal" na pag-uugali (nagdudulot, o malamang na magdulot ng "panliligalig, alarma o paghihirap"). Hindi ka dapat magbigay ng maling impormasyon sa pulisya, dahil ito ay kriminal na pagkakasala. Hindi ka maaaring halughugin o arestuhin dahil lamang sa legal kang tumangging sumagot sa mga tanong ng pulisya.

## **MAY KARAPATAN BA AKONG MAGPROTESTA?**

Oo. Ang iyong karapatang magprotesta ay pinoprotektahan ng Human Rights Act at maaari lamang paghigpitan ng batas ng pulisya para sa ilang partikular na layunin (tulad ng pagpigil sa krimen o kaguluhan) at sa paraang katimbang.

Para sa higit pang impormasyon at gabay sa pag-oorganisa ng protesta, mga kapangyarihan ng pulisya na higpitan o ipagbawal ang mga protesta, at ang mga karapatan mo kung naaresto, pumunta sa

[libertyhumanrights.org.uk/advice-and-information](https://libertyhumanrights.org.uk/advice-and-information) at piliin ang paksa ng 'protest' (protesta), o gamitin ang QR code.

**LIBERTY**



migrants  
organise



*Tama ang impormasyon na ito noong Marso 3, 2022.*

## **ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG NAARESTO AKO?**

Bago ka arestuhin dapat ipaliwanag ng pulisya na ikaw ay inaaresto at kung bakit. Kung naaresto ka, magsabi ng **“NO COMMENT” (“WALANG KOMENTO”)** sa lahat ng tanong at **HUWAG** tumanggap ng pag-iingat hanggang sa mayroon kang legal na payo. Humingi ng payo mula sa abogadong may kadalubhasaan sa batas ng protesta (tingnan sa ibaba). May karapatan ka:

- na magsabi sa isang tao tungkol sa iyong pagka-aresto
- sa isang tagasalin kung ang Ingles ay hindi ang iyong unang wika
- sa isang naaangkop na nasa hustong gulang kung ikaw ay wala pang 18 taon o taong mahina

Ikaw ay **HINDI** legal na kinakailangan na ibahagi ang iyong nasyonalidad o katayuan sa imigrasyon kapag naaresto, bagama't maaaring suriin ito ng pulisya kung pinaghihinalaan nilang hindi ka mamamayan ng Britanya. Para sa gabay sa mga implikasyon ng pagka-aresto sa isang protesta, tingnan ang: [jcw.org.uk/immigration-advice-for-protestors](http://jcw.org.uk/immigration-advice-for-protestors)

## **MGA SOLICITOR NA NAG-AALOK NG LIBRENG 24 ORAS NA PAYO AT LEGAL NA TAGAMASID:**

**ITN SOLICITORS** 020 3909 8100

**COMMONS** 020 3865 5403

**HODGE JONES & ALLEN** 0844 848 0222

**BINDMANS** 020 7305 5638

**KELLYS** 01273 674 898 / 0800 387 463

**MTC** 07956 308 127

**BPLS** @blkprotestlegal / blackprotestlegal@protonmail.com

**GBC** @GBCLegal / 07946 541 511 / courtsupport@protonmail.com